WRONG SEND (HIS SIDE) BY Rumphii

Softcopy Published: 10/26/2013

None of this property belongs to you. All the credits belongs to the owner.

Plagiarizing is a crime! No to plagiarizing!

Name, age, place and happenings are pure fiction! Any resemblance to the following are coincidental.

Copyright © 2013 by Rumphii. All rights reserved. STEALING IS A CRIME.

If you're going to post MY story to other sites, please do acknowledge me as the author.

ENJOY READING! XOXO! DON'T FORGET TO SUPPORT MY STORIES ON WATTPAD!

~*~

(Rumphii's Note: This story is Juno's POV. Ibig sabihin, hindi ako ang original na owner sa story na Wrong Send. Pure FAN-FICTION po ito, may basbas po ito ni Purplenayi na siyang owner at author ng Wrong Send.)

"NAKANANG! Daming nagtitxt sa akin ah! Saan ba nila nakuha number ko?! Aish! Halos every week ako nagchichange ng sim ah."

Ako habang binabasa inbox ko.

halos 126 na ang unread messages ko at 24 misscalls.

puro naman walang kwenta.

Kainis! Bakit ba lagi na lang ganito?! Wala bang privacy para saming mga habulin ng chicks?!

Kahit dito sa cellphone eh hahabulin nila ako?! Are they obssesed with me?! Are they so desperate?! Na kahit anong pang-iisnob ko sa kanila eh di pa rin nila ma gets na ayaw ko sa kanila?!

Eh may mahal na ako eh.

YAHHH! Alam ko. Nagmamahal din ng tapat ang mga gwapong katulad ko. Lalaki din kami. Gusto namin ang magkaroon ng long lasting relationship o yung forever relationship na lang.

"Oi dude! May nagtitxt na naman ba sayo?!"

"Yahhh. Nakakainis nga. I thought it was important, but then, im wrong. Yung mga bayawak lang pala."

Tapos nag smirk sya.

"Hey! hey! Ikaw!"

tapos I pointed my index finger at him.

"A-a-ano?!"

"Ikaw. Ikaw siguro nagbibigay ng number ko sa kung sino-sino no?!"

"H-h-huh?! Ako?! Di ah!"

"Anong hindi! Eh ikaw lang naman binibigyan ko ng number sa campus eh!"

Tapos lumapit ako sa kanya.

Tiningnan ko sya ng masama.

"Tell me the truth, ikaw ba?!"

tapos medyo nagulat sya.

"Ikaw ba!?"

medyo linakasan ko boses ko at hinawakan ko sya sa may kwelyo ng uniform nya.

"W-w-wait. Chilax ka lang dude."

"Anong chilax!? Sabihin mo nga, ikaw ba!?"

"Promise me di ka magagalit?!"

"Seee!? So ikaw nga?! Ano ba problema mo sakin tol?! Pwede namang pag-usapan eh."

"Eh--- So-sorry na! Eh kailangan ko lang talaga ng pera eh. Ni-lock kasi ni dad yung account ko."

"Putragesssse naman oh! Pinagkakitaan mo pa ako?! Ano ako!? Bayaran?!"

Tapos sinuntok ko sya sa may braso nya ng hindi kalakasan.

"Eh what I am supposed to do para makabawi ako sayo!?"

"Ipadelete mo yung numbers ko sa pinagbintahan mo. Ayoko ng magchange ng number."

"F-f-fine. P-pero ang dami nila ah. Yung iba di ko kilala eh. What if bilhan kita ng another sim?! Is it okay for you?!"

Kunot noo nyang sabi sakin at hipo-hipo nya ang braso nya.

"P*ste! Sabi kung ayaw ko eh!"

Tapos kumaripas sya ng takbo. Loko talaga.

"Tot-tot! Tot-tot! Tot-tot!"

Sino na naman kaya yung nagtxt sakin!?

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

From: Mahlabs

"BFF! san na kayo?! Mag sta-start na ang sayaw ng Juno mahlabs ko."

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Si Geny?!

Na wrong send siguro sya ulit. Ako ba yung Juno na yun?

Tapos hinanap sya ng mga mata ko.

Tapos nakita ko sya

Pero parang wala lang sa kanya.

AWTSSS nemen.

Tapos nagreply ako sa kanya gamit ang new number ko.

\- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

To: +6393********

Wrong Send ka po ata :)

\- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Nakatingin ako sa kanya habang nagrereply ako.

*message sent*

Tapos parang nataranta sya. Lol! Cute niya! heheheh!

"Oi Juno! Anong ginagawa mo!? May praktis pa tayo ah! By the way, where's Tristan!?" si manager.

"Ah! Ayon, may inaasikaso. Darating din yun."

tapos pumunta na kami sa room.

\---------------------------

EARLIER

"Oh! Nadelete mo na ba lahat ng number ko?!"

Bati ko kay Tristan habang papalapit sya sakin sa may corridor.

"Ah-o oo! Pinahirapan mo pa talaga ako no!?"

Tapos bigla kung naisip si Geny.

"Hoi! Parikoy! Nanghingi ba ng number sayo yung babaeng yun!?

Tapos tinuro sya ng nguso ko.

"Saan!? Yung babaeng may kinukuha sa wallet nya? Habang kausap nya yung babae!?"

"Yahh! Nanghingi ba sya!?"

"Eh wala eh. Bakit mo natanong!?"

"N-n-nothing. Punta ka na lang sa room. May sasabihin sayo si manager."

"Kung hindi sya nanghingi ng number ko, saan nya yun nakuha!?"

tanong ko sa sarili ko.

Pero atleast, may number sya sakin kahit hindi ko sya binigyan.

tapos tinext ko sya.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
To: +6390********

"Hi Geny! Gud pm!"
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Hayyy! Magkakasya na lang siguro ako dito sa pang-sta-stalk ko sa kanya.

Naalala ko, last na tinext ko sya, i think last 2 weeks pa.

At first eh natutuwa ako, pero habang tumatagal eh parang takot na ako sa kanya.

Naalala ko pa reply nya sakin.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
From: +6390********

Sino to!?
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

lol! di ko alam yung isasagot ko kaya ito na lang nireply ko sa kanya,

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -
To: +6390********

"Im your secret admirer."
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

argghhh! tapos ayun! nagalit ata. kaya di na nagreply.

Narerecall ko pa kung saan ko sya unanag nakita. Siguro yung intermission number namin nung first year. Sa lahat ng nakikita ko, siya lang yung nakanganga, tapos nakitingin sya sakin.

natatawa ako sa itsura nya.

Tapos tiningnan ko sya mula sa corridor hanggang sa kinalalagyan nya.

Tapos nagulat ako ng magkatinginan kami.

Sheyyyt! Di ko kaya!

Iniwas ko ang tingin ko sa kanya, at pasimpling umalis na lang.

Bumaba ako. Gusto kung sabihin sa kanya ang totoo eh.

Ewan ko kung kaya ko. Pero try lang!

tinext ko ulit sya,

From: +6390********

Pwedeng tayo na lang?!

AWTSS! kitang kita ko ang reaction nya, lol! Padabog syang tumayo tapos nakayuko syang papalapit sakin.

Akala ko iiwas sya sakin. pero mali ako.

"Aray!" impit nyang daing. Halos humagis kasi sya at napaupo pa sya sa may semento.

Di ko alam gagawin ko.

"Ok ka lang?!" pag-aalala kung sabi sa kanya.

"Kaya mo ba?!" habang inaalalayan ko sya.

Tapos nagkatinginan kami ulit.

Tog-dogs!

Lol! Ang ganda nya. Kanina lang eh pinagmamasdan ko lang sya. At ngaynon naman eh hawak ko na sya.

"Hey"

"Okay langh ako." mahina nyang sagot sakin.

Nakatulala na naman sya.

"Dalhin kita sa clinic." pag-o-offer ko sa kanya.

Umiling lang sya.

"Sigurado kang ayos ka lang?!"

"O-oo."

ARGGGGH! di ko na talaga kaya. Sasabihin ko na sa kanya ang totoo!

"Buti naman kung ganun. Ahhh..."

"Juno!" napalingon ako sa origin ng boses! Anak ng tokwa naman oh! Sasabihin ko na sana eh!

"O pare! Bakit!?" sagot ko kay Tristan.

"Anong bakit!? Eh may praktis pa tayo eh! Kanina ka pa hinahanap dun!"

Hala! Oo nga pala! May praktis pa kami.

"Teka? Sino yan? GF mo!?"

I give him a sign.

"Okay ka lang ba talaga!?"

"O-oo."

"Pasensya ka na ha?! Sige mauna na ako."

Tapos umalis kami.

"Huy sino yun!? GF mo!?"

"Hindi pa." sagot ko kay Tristan.

-------------

Nagsimula na kaming sumayaw.

Habang sumasayaw ako eh panay ang hanap ko sa kanya, ng makita ko sya eh nakatitig pala sya sakin. I give her my sweetest smile. pero bakit ganun!? Parang wala lang sa kanya!?

After ng sayaw, eh pinalinya kami ng press. Inisa-isa kami. Love life yung topic namin, medyo OP ako. Opportunity ko na rin to para mag tapat sa kanya. Nung ako na ang ini-interview,

"Ikaw, Juno? May love life ka na ba?!"

Tapos kinuha ko yung mic, indakasyon na saagot na ako.

"Well, wala pa."

Tapos naghiyawan ang mga tao.

"At ano naman ang ibig sabihin mo Juno? May iniirog ka na ba dito?!" sabi ng nagiinterview sabay turo sa crowd, "Dito ba?!" "Oh dito ba?!" sabay turo sa sarili nya.

Napangisi na lang ako sa ginawa nya.

"Actually meron." tapos napangisi ako. "Kinakabahan ako kasi biglaan ang pagtatapat ko eh. AHHMM, stalker niya ako. Naniniwala ba kayo?!"

Halo-halo ang reaction ng mga tao, nakatingin lang ako sa kinaroroonan nya. Nakayuko lang sya.

"Totoo yun. Stalker nya ako. Two weeks akong nagsimulang nagtext sa kanya pero lagi nya akong sinisimangutan sa text pero di ako tumigil." natawa ako sa sinabi ko.

Tahimik na nakinig ang lahat.

"Ang tambayan ko." sabay turo sa lugar. "Naging tamabayan ko yun dahil sa kanya." "yung tambayan nya." tapos tinuro ko yung bench. "Yun ang tambayan nya. Mula dun sa tambayan ko, malaya ko syang napag-mamasdan."

"Gusto nyo syang makilala!?"

"Oo!"

Hindi ko alam kung ano ang kahihinatnan ng lahat ng ito. Sana parehas kami ng nararamdaman.

Kung ano ang mangyayari, eh malugod ko itong tatanggapin.

Nag dial ako ng number. Dinial ko number nya.

Parang may stampede sa loob. Nagkakagulo sila sa pagkuha ng cellphone nila.

Pero bigo sila. Si Geny, ayun! Parang wala lang.

Tinitigan sya lahat ng tao sa loob.

Nakatulala lang sya ng may kumislot sa likod nya.

Tapos kinuha nya cellphone nya.

"Hello?!" sagot nya.

"Akala ko di mo na sasagutin eh." pagsasalita ko gamit ang mic.

Nakatingin ako sa kanya.

Nagkatinginan kami.

"Ano, di mo pa ba sasagutin yung sinabi ko sayo kanina?!" nakangiti kung sabi.

Parang wala lang sa kanya. Nakatingin lang sya sakin.

Bumaba ako ng stage. Nakakabingi ang hiyawan ng mga tao sa loob.

"Di mo yata naaalala yung sinabi ko kanina eh. Sige, uulitin ko na lang. Geny, pwedeng tayo na lang?!"

Napangiti sya ng malapad. YESS! success na ba to!?

Napangiti na rin ako.

Tumango lang sya.

Napahawak ako sa kamay nya. "Di nga!?" Nakangiti kung sabi sa kanya.

"OO nga. Tayo na." nahihiya nyang sagot sakin.

"KISS! KISS!" hiyawan ng mga tao.

"Pano ba yan!? Kiss daw?!" sabi ko sa kanya ng nakangiti.

Pumikit naman sya at inilapat ang bibig nya sakin.

Ilalapat ko na sana ang bibig ko ng napahinto ako ilang sintemetro ang layo ng aming mga bibig.

Tumawa ako at niyakap ko sya ng mahigpit.

"Di pwede ang gusto niyo!" sigaw ko sa kanila. Rinig ko ang panghihinayang mula sa kanila.

Bumitiw ako sa pagkakayakap sa kaniya. Iniharap ko sya. Kinuha ko yung cellphone kung saan sya na wrong send. Hinanap ko yung message nya. Nung nahanap ko, eh pinakita ko sa kanya.

"Buti na lang. . . . . . na wrong send ka."

END.